

# "Kompulsaryong Edukasyon" Ang katotohanan ito ay mahal din.

—Ang "tuition" at libro lang ang libre.—



Madaling isipin na ang sistema ng kompulsaryong edukasyon ay nagkaloob ng lugar sa publiko ang kabataan, edukasyong libre at walang bayad.  
Kabataan ang mahalaga sa sosyalidad. Nais pong alamin kung mahal ba ang mag palaki sa susunod na henerasyon.

Napag-alaman na malaking gastos sa gamit pang eskwela at ibpa. sa bata simula pagpasok sa elementarya. Libreng kompulsaryong pag-aaral ito ay sigurado sa ilalim ng Konstitusyon. Sa Japan, ang pagpasok mula sa elementary at "junior high school" ay kompulsaryo. Kaya hindi babayaran ang mga aklat at "tuition" sa loob ng panahong iyon. Subalit ang magulang ay dapat magbayad ng pagkain, gamit na kailangan sa loob ng klase, field trip fee, PTA fee, at ibpa. Sa iyong kaisipan ito ay maliit lamang, subalit ang kabuuhan bayad sa isang taon sa pagkain ay 41,000 yen, at at ito ay umaabot ang kalahatang bayad sa isang taon ay 57,000 yen. Sa pagpasok sa elementarya, ang bata ay kailangan ng bag at ito ay mahal, uniporme para sa gym. Sa ika-6 na grado, ang "school excursion" ay mahal para sa magulang. Ayon sa "2006 statistics" mula sa "Ministry of Education", Culture, Sports, Science and Technology, Ang kabuuhan gastos sa isang taon ng ika-1 grado ay umaabot ng 88,000 yen, at 82,000 yen sa ika-6 na grado.

	Bayad sa Pagkain	Gastos sa Paaralan	Total
Average	41,000	57,000	98,000
1 <sup>st</sup> grade	41,000	88,000	129,000
2 <sup>nd</sup> grade	41,000	34,000	75,000
3 <sup>rd</sup> grade	41,000	40,000	81,000
4 <sup>th</sup> grade	41,000	42,000	83,000
5 <sup>th</sup> grade	41,000	54,000	95,000
6 <sup>th</sup> grade	41,000	82,000	123,000

(Unit : Yen) (Ang halaga ay napaloob sa malapit na 1000 yen.)

Kinapalooban ng Gastos sa Paaralan
● School excursion/field trip fee
● bayad sa PTA
● Gamit para sa paaralan/ gamit para sa eksperimento at gawaing praktikal. (e.g. stationeries, gym class supplies, music instruments, etc.)
● Gastos maliban sa asignatura (e.g. Club activity expenses, etc.)
● Paaralang uniporme (kung kailangan)
● Commute goods (hal. bag sa eskwela, at iba pa.)

Kahit na sistemang kompulsaryong edukasyon, mga magulang ay nararapat magbayad ng marami.

Alam mo ba kung paano maka tipid sa bayarin sa paaralan? Kabataan ay mabilis ang paglaki, kailangan nilang magpalit ng uniporme sa gym o kaya gamit sa paglangoy. Ilan duon ay naitabi na maayos pa. Ang ibang magulang ay nag-iisip na itapon na ang pinagliitan. Kausapin ang kapitbahay, kaibigan kung maaring ibigay ang pinagliitang uniporme. "Hand-me-down" ay isang paraan ng pagtitipid.

[www.ficec.jp/foreign/](http://www.ficec.jp/foreign/)

● The back numbers of "Information Fujimino" are available at online.

Ang halaga ng bawat bagay na kailangan ay iba-iba sa bawat tindahan. (hal. stationeries ,indoor shoes ,etc) Nirerekomenda na makipag ugnayan sa mga magulang. Kung positibong sumasali sa aktibidades ng paaralan, may pagkakataong makilala ang mga magulang. Maaring makakuha ng impormasyon sa pamamagitan ng “casual” na pag-uusap. Makakaasa ka sa "Papa/Mama Network" kung merong problema.

Sa mga magulang na nahihirapan sa pagbayad sa gastusin sa paaralan, merong sistema na ginagawa ang “municipal government” upang mabawasan ang bayarin. Ang ilang bagay na batay sa kung ano ang sasagutin ng iba rito ay bayad para sa gamit sa eskwela, “commute goods”, “field trip”, “school excursion”, pagkain, “medical treatment” (karamdaman na kinikilala ng gobyerno. ). Banyaga ay maari ding magkamit ng sistemang ito ayon sa pag sang ayon ng “municipal government”. Sa karagdagang impormasyon, maari pong kumunsulta sa paaralan o “board of education”. Kung meron katanungan ukol dito, maari po lamang na magtungo sa FICEC.

Kabataan ang pag-asa ng bukas. Kung merong problema, magtanong sa kaibigan o kapwa sa paligid para sa tulong. Hindi ka nag-iisa. Tayo ng pahalagahan ang kabataan. (isinulat ni Naomi Ueshima)

**Tulong para sa magulang na mag-isa sa pamilyang may papasok sa Junior High School**

Kompulsaryong edukasyon tunay na mahal. Merong sistema upang magkaloob ng tulong sa solong magulang na mahihirapan sa bayarin sa pagpasok ng “junior high school”. Ang sistema ay pinagtibay ng Saitama prefecture upang maitaguyod ang mahusay na paglaki ng mga kabataan.

- Karapatdapat: Ikaw ay solo magulang lamang You must be a single parent (single-father/single-mother) o taong nag aalaga para sa walang magulang, kailangan merong kang anak na papasok sa “junior high school” sa Abril 2010. Ganun din, ikaw ay libre sa “municipal resident tax” ng 2009. (hindi kasali ang nakatira sa ilalim ng “welfare” )
- Halaga ng ibabawas: 10,000 yen bawat karapat dapat na bata.
- Paanong mag-aaplay: Maari pong mag-aplay sa “childcare support section”. Bankbook ay kailangan sa pag-aplay.
- Takda: Ika-28 ng Disyembre (mon). Aplikasyon pagkatapos ng takdang araw ay hindi na tatanggapin.

**Kapanganakang “Allowance”**

Simula nung ika-1 ng Oktubre 2009, ang halaga ng “lump-sum” sa allowance sa kapanganakan ay tumaas mula sa 380,000 yen sa 420,000 yen. Ang paraan ng pagbayad ay naiba din. Kung nais malaman ang impormasyon, maari pong makipag-ugnayan sa “maternity hospital” o Insurance at Pension Section sa local na gobyerno.

**Alam mo ba ang mga organisasyon na nagkaloob ng suporta sa banyaga?**

- Saitama Consultation Center • • • Bihasa sa pagkaloob ng libreng konsultasyon. Maari ding kumunsulat tungkol sa “immigration matters”, “labor matters”, at iba pa.  
☎ & FAX 048-833-3600
- Libreng Legal na pag kunsulta para sa banyaga sa Abogado •••Maaaring kumunsulat sa abogado ukkol sa immigration law, visa status, marriage, at iba pa .  
☎ 050-3383-5373 By Appointment Only

**Masaya!! “PC Class”**

Ang klase simula Disyembre hanggang Mayo ay naghahanap ng bagong mag-aaral.

"FICEC PC Class" ni Ms. Kaji na “PC teacher” ay nakakuha ng popularidad. Maaring palawakin ang kaalaman sa “PC”. Ngayon, kami ay naghahanap ng bagong banyagang mag-aaral na mag sisimula sa Disyembre hanggang Mayo.

Maaring mag-aral at tumaas ang lebel ang kaalaman sa PC mula sa gurong “professional”. Kailangan magdala ng sariling PC. Tatlo lang ang computer sa FICEC na maaaring gamitin. Kung nais mag-aral, maari po lamang na magpatala sa FICEC’s Japanese class.

**December 17<sup>th</sup>  
“Gumawa ng Soba”  
sa Japanese Class**

Ang hapones ay kumakain ng soba noodles sa Bagong Taon at nanalangin ng mabuting pangangatawan, kaayusan ng pamilya, at mahabang buhay. Maaring gumawa ng “Toshikoshi Sobe” sa ika-17 ng Disyembre. Ms. Tozuka isa sa “Japanese class's teacher”, sa iyong kaalaman, ang magtuturo sa kasiyahan. Ito ay libre. Bakit di mo subukang sumali?

[www.ficec.jp/living/](http://www.ficec.jp/living/)

● Living Guidance translated in 6 languages is available.